

## Pahayagan ng Ladies Prayer Internasyonal



United Pentecostal Church

Abril 2016

### Ang Daan Pauwi

ni Mary Loudermilk



"May isang tao na may dalawang anak " ganito natin palagi natin pinasisimulan ang parabula ukol sa Alibughang anak o *prodigal son*. Ang dalawang anak ay parehas na may pakakaiba sa kanilang karakter at interes. Ang bata ay maari nating matawag na pasaway na anak. Sapagkat maaga niyang kinuha ang kanyang mana, lumayo at nagpakasasa sa buhay. Samantalaang ang Panganay naman ay patuloy na gumawa ng mga normal na gawain sa bahay.

Ano nga ba ang kahulugan ng salitang "Alibugha"? ayon sa Diksyunaryo " ito ay isang tao na nag-aaksaya ng kanyang yaman sa mga walang kabuluhang bagay. Minsan ginagamit din natin ang salitang ito sa mga taong tumalikod na sa paglilingkod sa Panginoon o "backslider". Sila yung mga tao na sinayang ang kanilang mga Ispiritwal na Mana.

Marami sa atin ang nanalangin na bumalik muli ang mga "alibugha" sa ating pamilya o sa ating mga kapatiran. Hindi man natin sila maunawaan kung bakit sila ay tumalikod – pagkabigo, sakit, kawalan ng pananampalataya o maaring natukso ng mundong ito- subalit hindi tayo titigil hangga't hindi natin sila nakakasama muli sa paglilingkod sa ating Diyos. Palagi natin sila lpanalangin.

Minsan ang daan pabalik ay napakahaba at nakakalungkot. Isipin na lang natin, ano kaya ang damdaming hinaharap ng isang nanunumbalik sa Panginoon. hiya, pag-aalala, pag-aalinlangan, o napakaraming katanungan sa isipan na kagaya ng " ano kaya ang iniisip nila sa akin? Tatanggapin ba nila ako o pagtatawanan ba nila ako o mamaliitin?

Kapag tayo ay nanalangin para sa mga alibugha, hingin natin sa Diyos na tayo ay bigyan ng mga bersikulo sa Biblia na magagamit natin tuwing tayo ay nanalangin para sa ating mga mahal sa buhay. Ang mga sumusunod ay mga bersikulo na magagamit natin.

- Na siya ay bumalik at mabatid niya na kailangan niyang umuwi. (Lukas 15:17-18).
- Na siya ay magsisi at iwasan ng magkasala (Kawikaan 28:13; Ezekiel 18:21; II Corinthians 7:10).
- Na maaalala niya na maawain ang Diyos (Awit 34:18; Joel 2:13).
- Na maranasan niyang mauhaw sa mga bagay na Ispiritwal (Mateo 5:6; John 6:33-35).
- Na ibalik ng Diyos ang kagalakan ng kanyang kaligtasan (Awit 51:12).

Ang alibugha ay hindi agad nakabalik sa tahanan ng kanyang ama. Hindi natin alam kung gaano katagal siyang nanatili sa malayong lugar. Subalit siya ay napilitang umuwi noong naging desperado na ang kanyang kalagayan. Ipagpatuloy lamang natin ang pagpanalangin para sa kanila. Wag tayo mapagod na manalangin at maghintay (Galatians 6:9). Patuloy lamang natin silang abutin ng may pag-ibig, habag, at pagpapatawad. At kapag sila ay bumalik na, salubungin natin sila ng may kagalakan.

"At siya'y nagtindig, at pumaroon sa kaniyang ama. Datapuwa't samantalang nasa malayo pa siya, ay natanawan na siya ng kaniyang ama, at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, at siya'y hinagkan. (Lukas 15:20).

*Tala: Si Mary Loudermilk ng Hazelwood, Missouri, ay maligayang nag-aaral at nagtuturo ng salita ng Panginoon. Isa siyang manunulat ng Reflections Magazine*

---

Like us on Facebook 

---

## Panalangin para sa mga Alibugha

Ni Carla Calhoun



Halos lahat ng ating mga nakakausap ay may kakilalang Alibugha o "*prodiga*" sa kanilang buhay.

Iba't ibang damdamin, minsan naiinis tayo. nakakaramdam ng *guilt*, lungkot, hiya, o minsan pa ay pagsisi dahil paulit ulit nilang ginagawa ang mga mali. Madali ang mabuhay ng may kapighatian subalit wag tayo susuko. Alalahanin natin na mahal sila ng Panginoon higit pa sa pagmamahal natin sa kanila.

Manalangin, umaasa sila sa atin. Alalahanin natin na ang Panalangin ay tila ba mga *missiles* na maaring mga panangga din laban sa mga bagay na nagbabadya sa ating mga kilala nating alibugha.

Umaasa tayo na ang ating mga anak ay muling babalik mula sa poder ng kaaway. Hindi sila nakakalimutan ng ating Diyos. Hindi napapawalang bisa ang plano ng Diyos para sa kanila dahil sila naliligaw ng landas. Pangako ng Diyos sa Jeremiah 31:16-17 na, Ganito ang sabi ng Panginoon, Iyong pigilin ang iyong tinig sa pagiyak, at ang iyong mga mata sa mga luha: sapagka't gagantihin ang iyong mga gawa, sabi ng Panginoon; at sila'y magsisibalik na mula sa lupain ng kaaway. At may pagasa sa iyong huling wakas, sabi ng Panginoon; at ang iyong mga anak ay magsisiparoon uli sa kanilang sariling hangganan. "

**Iwaksi ang takot.** Ang akronim ng salitang takot o *fear* ay "false evidence appearing real." Ang pinaka epektibong armas ng kaaway ay ang pandaraya. Pag tinanggap natin ang bulong ni satanas na ang ating mga anak ay hindi na magbabago, tayo ay talunan. Alam ng kaaway na malapit ng babalik ang Panginon kung kaya siya ay nagmamadali. Wag tayong papatalo sa kaaway! Alalahanin natin na ang Diyos ay dakila at kamangha mangha, ipaglaban natin ang ating mga kapatiran laban sa kanya, pati na din ang ating mga anak, ating asawa at ang ating buong sambahayan. (Nehemiah 4:14).

**Yakapin ang Kagalakan.** Ito ay isang panangga kapag tayo ay namamagitan sa panalangin para sa ating mga mahal sa buhay. Kapag ang ating mga anak ay tinatahak ang landas na salungat sa ating mga itinuro, magpasalamat pa rin tayo sa Panginon sa lahat ng kanyang ginagawa at mga gagawin pa. Ang kagalakan ay hindi naka base sa kung ano man ang ating nararamdaman, kundi sa mga bagay na alam natin patungkol kay Kristo. Sabi sa Nehemiah 8:10 "Galak sa Panginon ay kalakasan."

**Manalangin ng walang agam-agam.** Ang pagdududa o agam-agam ay nilalagay ang sirkumstansya sa gitna natin at ng ating Diyos kaya kung minsan hindi tayo nakakalapit sa kanya samantalang ang Pananampalataya, ang Diyos ay pumapagitna sa atin at sa mga sirkumstansya natin sa buhay.

*DOUBT* o duda = Ikaw - Sirkumstansya - Diyos  
*FAITH* o pananampalataya = Ikaw - Diyos - Sirkumstansya

**Bumuo ng prayer team.** May mga tao tayong pinagkakatiwalaan na sumusuporta sa atin, gawin natin silang kasama sa ating panalangin, sabihin natin sa kanila ang ating mga hiling, daing, naisin, mga patutuo, at pasasalamat.

**Pakawalan ang guilt at kahihyan.** Wag na natin sisihin ang ating mga sarili, o ibang mga tao, o pati na ang Diyos kung ano man nangyari sa ating buhay. Dapat nating malaman na ang pag-aalala, ay hindi makakatulong sa atin at sa kanila. Gawin nating panalangin ang ating mga alalahanin.

**Manalangin ng taimtim at tiyak.** Manalangin palagi para sa ating mga anak, laban sa makamundong pitak ng laman, adiksyon, mga maling doktrina, at iba pang mga nakakasira ng buhay. Ipanalangin natin ang proteksiyon laban sa tukso, kasamaan, sa mga gumagawa ng masama, masamang impluwensya, kay satanas, at maling isipan. Sa panahon na may mga masama silang karanasan, ipanalangin natin na buksan ng Diyos ang kanilang mga mata, upang makita nila kung gaano kabuti ang Diyos.

Ang ating pinaka mahalagang impluwensiya sa ating mga anak ay makita nila sa buhay natin ang habag, katotohanan at pagmamahal ng ating Panginon. Wag tayong mawalan ng pag-asa hangga't buhay ang ating mga anak. Panghawakan natin ang pag-asang sila ay babalik muli. Mahal sila ng Diyos higit pa sa pagmamahal natin sa kanila.

*Tala: Si Carla ay kasal kay Allan Calhoun sa loob na ng for twenty-five na taon. May dalawa silang anak na babae na sina, Janessa (23) and Amy(19). Nagpastor dn sila sa Barrie, Ontario sa loob ng seventeen na taon, AIMers din sila sa Ireland sa loob ng dalawang taon. Kasalukuyan silang missionaries sa Netherlands.*

---

## Ipanalangin lagi ang mga Alibugha

By Cathy Conn



Ang pinaka kahulugan ng salitang prodigal o alibugha ay aksaya. Ayon sa Biblia, Ang kwento ng prodigal son o alibughang anak ay nagsasabi na “ at inaksaya niya lahat ng mayron siya”.

Ang batang noon ay ating karga karga ay lumaki na at kasalukuyang sinasayang ang buhay sa mundong ito. Pano nangyari ito? Minsan siguro natatanong ang ating mga sarili na nagkamali ba ako? Napakasakit na makita mo ang iyong anak na lumalayo sa Panginoon, tunay na nakakadurog ng puso.

Bilang ina ng isang prodigal, ating hinaharap ang guilt, kapighatian, at mga kabiguan. Nakakaramdam tayo ng mga sakit kapag nakikita natin ang ating mga anak na nagkakamali sa buhay. Napakahirap magbulag-bulagan at umupo na lamang sa sulok habang sila ay patuloy na naliligaw ng landas. At nasasabi natin na kung maibabalik ko lang ang panahon na sila ay nasa duyan pa, o noong sila ay hawak hawak pa lang natin at noong panahon na sila ay iniingatan natin mula sa sugat. Napakasarap alalahanin ang nakalipas.

Pano ba natin ipapanalangin ang mga naliligaw nating anak? Anong pwede nating gawin upang maayos ang kanilang landas? Maaring ang iba sa atin ay mga bigo, ang iba ay umiiyak lagi sa panginoon. Tunay na ang sakit ay labis para sa atin.

Ang sabi sa Biblia, ang alibughang anak ay ginastos na ang lahat ng mayron siya. At naniniwala ako na noong siya ay walang wala na naalala niya kung gaano xa pinagpala sa tahanan ng kanyang ama.. "Kaya sa ating pananalangin, sabihin natin sa Diyos na ipaalala sa ating mga anak na may Diyos at kailangan nila ang Banal na Ispiritu.

Ating tanongin ang Dios “Katulad ng alibughang anak na paggising sa umaga, paalalahan nuong mga panahon na katilang naramdaman ang pagbasbas ng Banal Spirito sa kanilang buhay. Sa gabi sa pagtulog ibalik ang mga alalahanin na maka Dios at ang kapayaan na mula sa Dios. Ipaalala ang mga panahon na kasama ang pamilya sa bakasyon at sa hapag kainan. Panginoon , ikaw ang magalis ng mga pighati, ikaw ang mag magalis sa mga pait ng buhay. Tanggalin ang galit at palitan ito ng kagalakan. Alisin ang katigasan ng puso, at palitan ito ng pusong malambot. Alisin mo Panginoon ang pagmamataas sa amin at palitin mo ito Dios ng kababaan ng loob. Ikaw ang magpaalala sa amin tungkol sayong mga salita, at tutruan mo silang mahal in ang iyong mga salita. Alisin mo lahat ng mga sagabal sa kanilang pag babalik loob sa iyo Panginoon Dios.

Ang sabi ng Bibliya ng makita ng ama ang kaniyang alibughang anak sa malayo pa lang. At ito ba ay dahil ang ama ay hindi ng sawang mg antay sa kaniyang anak na babalik muli sa kanilang tahanan? Ako ay naniniwala na tayo ay ganun din dapat, wag taying mag sawang mag antay sa ating mga alibughang anak, sila ay babalik din sa ating mga piling at sa Dios. Patuloy tayong magtiwala sa Dios, at mahal in lang natin ang ating mga anak katulad ng pagmamahal ni Kristo.

*Tala: Si Cathy Conn ay kasal kay Rev. Mike Conn, pastor sa The Apostolic Church ng Topeka. May dalawa silang anak na babae at dalawa ding apo. Siya din ay ang president ng Kansas Ladies Ministries.*

---

### **Mula sa Mailbox**

Sis. Akers,

Pagbati sa pangalan ni Jesus! Ako ay nagpapasalamat at aking natanggap ang Espanyol na bersyon dahil ako maraming kaibagan na Espanyol na malulugod at pagpapalain dito.

Ako ay humihiling na ako tatanggap ng Espanyol na bersyon. Nais ko ng ibahagi din ang magandang babasahin na ito.

Salamat at Pagpapalain kayo ng Dios sa inyong ginagawa sa kaniyang kaharian!

Judy Schreckhise, Missionary

---

### **Mula sa Mailbox**

Pagbati sayo Sis Debbie Akers,

Ako ay mula sa Melbourne, Australia at kami ng aking asawa ay nagpapasalamat sa isang maliit na lugar sa western suburbs. Ako ay nagpapasalamat sa mga LPI monthly newsletter. Ako ay nagagalak na malaman na marami din palang mga kapatiran na nakakaranas ng parehas na pagsubok, sakit, pagkabigo at iba't ibang sitwasyon sa buhay, salamat na lamang at may Diyos tayo.

Salamat sa mga tao na bumubuo nito at nais namin malaman niyo na kami ay tunay na pinagpapala sa aming mga nababasa. Paki padalhan ako ng mga translation sa wikang Aramaic Indonesian at Tagalog.

Pinapanlangin namin kyo at ang ministry na ito. Pagpalain kayo ng Diyos!  
-Sis Colleen Damons, Pentecostal Apostolic Faith Church, Werribee, Melbourne, Australia

---

### **Mula sa Editor**



Debbie Akers

### **Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,**

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish, Serbian, Bulgarian at Japanese na taga transleyt.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com.

## Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)

[UPCI Ladies Ministries](#)

[More to Life Bible Studies](#)

[Today's Christian Girl](#)

[World Network of Prayer](#)

[UPCI](#)

[My Hope Radio](#)

[Multicultural Ministries](#)



**Sino kami? . . .** Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon . . .** Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan . . .** Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)

### Ministries we support...

**TUPELO CHILDREN'S MANSION** Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

**NEW BEGINNINGS** Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

**HAVEN OF HOPE** A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

**LIGHTHOUSE RANCH** for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.

See what's happening on our social sites:



UPCI Ladies Ministries | LadiesPrayerIntl@aol.com | 314-373-4482 | LadiesMinistries.org